Telecommunications Industry Ombudsman

May problema ka ba sa iyong telepono o serbisyo ng internet?

Matutulungan ka namin.

tio.com.au

1800 062 058



Tumutulong kami sa paglutas ng mga reklamo tungkol sa telepono o serbisyo ng internet.

Isa kaming libre at hiwalay na serbisyo. Ibig sabihin, hindi mo kailangang magbayad at wala kaming pinapanigan.

Maaaring makatulong ang Telecommunications Industry Ombudsman sa:

- **Mga kontrata:** Sumasang-ayon ka ba sa isang bagay na hindi mo nakuha?
- **Mga Bayarin:** Sa iyong palagay, mali ba ang iyong bayarin o nahihirapan kang bayaran ito?
- **Mga pagkakamali at paghihirap sa serbisyo:** Hindi ba gumagana ang iyong telepono o serbisyo ng internet?
- **Mga diskoneksyon:** Naputol ba ang iyong telepono or internet?
- **Pagkolekta ng utang:** Hiniling ba sa iyong magbayad ng utang na hindi sa iyo?
- **Kasanayan sa Pagbebenta:** Nabentahan ka na ba ng isang plan o kagamitan na hindi mo kayang bayaran?

Telecommunications Industry Ombudsman

Paano kami makikipagtulungan sa iyo at sa mga provider

Kung ikaw, o ang taong tinatawagan mo, ay gumagamit ng telepono o internet, matutulungan ka namin. Maaaring isa itong serbisyong ginamit sa bahay o sa isang maliit na negosyo. Narito ang proseso:

1. Sinusubukan mong lutasin ang reklamo sa iyong provider.
2. Kung hindi mo kayang lutasin ang reklamo sa iyong provider, tumawag sa amin.
3. Magdedesisyon kami kung kaya naming lutasin ang reklamo.
4. Makikipagtulungan kami sa iyo at sa provider para malutas ang reklamo.
5. Kung hindi kayo magkasundo ng provider, maaaring magdesisyon ang Ombudsman kung paano lulutasin ang reklamo.

Pagkuha ng isang taong tutulong sa iyo

Puwede mo ring hilingin sa isa pang tao na magreklamo para sa iyo o sa iyong negosyo, tulad ng isang kaibigan, kapamilya o pinansyal na tagapayo. Humingi ng aming mga form sa pagpapahintulot sa telepono o hanapin ang mga ito sa aming website.

Makipag-ugnayan sa amin

Puwede kang magreklamo sa pamamagitan ng aming website sa **www.tio.com.au** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1800 062 058**.

Maaari kang magpadala ng sulat sa PO Box 276, Collins Street West, VIC 8007 o i-fax ito sa 1800 630 614.

Kung kailangan mong gumamit ng wika na hindi Ingles, tumawag sa Translating and Interpreting Service sa **131 450** at tutulungan ka nilang makipag-isap sa amin. Libre ang kanilang serbisyo.

Maaaring may bayad ang mga tawag sa mga numero ng mga mobile phone na nasa itaas.